
# TATLONG KAMAY NG ORASAN




KUWENTO NI:
MELODY L. DELA CRUZ

GUHIT AT LAPAT NI:
JEROME T. PANTIG



*Pamantayan sa Pagkatuto*

*LINGGO 36*

*Layunin sa Pagkatuto: Pagtukoy o pagkilala sa tatlong kamay ng orasan.*

*MKSC- 00-4* *MKC-00-2 TO 6*

*MKME- 00-1* *MKAT-00-1*



## Development Team

Kuwento ni: **Melody L. Dela Cruz**

Guhit at Lapat ni: **Jerome T. Pantig**

Learning Resource Manager:

Ruby M. Jimenez, PhD

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**

# ANG TATLONG KAMAY NG ORASAN



May isang munting parisukat at makulay na bahay orasan. Napalilibutan ito ng mga numero at tinitingala ng mga tao.



Sina Segundo, Minuto at Orasyo ang mga ulilang magkakapatid ang nakatira sa tahanan.



Binata na sila nang mamatay ang kanilang mga magulang. Sa naiwang negosyo sila kumukuha ng pantustos sa mga pangagailangan.




Naging masipag at


marunong sa buhay ang mga magkakapatid sapagkat sila ang pagpatuloy sa hanap-buhay ng kanilang mga magulang.




Dahil silang tatlo ay nagtatrabaho, walang nakapaghahanda ng kanilang pagkain sa araw-araw kaya't kumakain na lang sila sa karinderya.




Isang araw, naisipan ni Segundo na huwag nang magtrabaho upang siya na lamang ang maghanda ng kanilang pagkain araw-araw .




Kinausap niya ang dalawa, "Mga kapatid, kayo na muna ang magtrabaho at ako ang magluluto ng ating pagkain araw-araw."



"Sige po kuya para may nakahanda na agad ng pagkain natin," sagot nina Minuto at ang bunsong si Orasyo.



Naging maayos naman ang lahat, ginagawa ni Segundo ang mga sinambit sa mga nakababatang kapatid.




Ngunit isang araw biglang tinamad si Segundo nakahiga at nanunuod na lang ng telebisyon hanggang sa makatulugan ito.



Napadalas ito at hindi na lang pinapansin ng dalawa. Iniisip na lamang nila na pagod si Segundo.



Kaya si Minuto at Orasyo na lang din ang gumagawa ng trabahong para kay Segundo lang.




Dumating ang araw hindi natiis ni Minuto ang naging gawain ni Segundo. “Kuya, ano ba ang nangyayari sa iyo?”




"Dalawa naman kayong nagtatrabaho, may makakain na tayo!" pasigaw na sambit ni Segundo sa mga kapatid.



"Walang magluluto at maghahanda ng pagkain natin kung walang gagawa nito kuya," malungkot na katwiran ng dalawa.




Nakikiusap ang kawawang Minuto at Orasyo kay Segundo na siya na lamang magluto sapagkat pagod na sila.



Walang nagawa ang dalawa kundi gawin ang sinabi ni Segundo, araw-araw silang namamalengke at nagluluto para sa kanilang pagkain.



Sa sobrang pagod nina Minuto at Orasyo, nagkasakit sila at hindi makapagtrabaho. Wala rin magluluto sa kanila.




Nagutom si Segundo,


naghanap siya ng pagkain ngunit walang nakahanda sa mesa.




Hinanap niya ang dalawa, nang makita sa kwarto napansin niyang tila nanghihina at may dinaramdam na sakit.



"Mga kapatid, patawarin ninyo ako. Masyado akong naging kampante at tamad kaya kayo nagkaganyan." Umiiyak na sinabi ni Segundo.



"Kaya nga mahalaga ang pagtutulungan kuya," sagot ni Orasyo. "Ngayon ay paano na tayo?" dugtong ni Minuto.



Napagtanto ito ni Segundo, "Ipinapangako ko na simula ngayon ay hindi na ako magtatamad at hindi na kayo mapapagod."




"Kung tayo ay tulung-tulong, lahat kikilos at walang mangaabuso, walang mapapgod at magkakakasakit."Paliwanag pa ni Minuto.



Naging masipag si Segundo at mabilis sa trabaho. Anim napung takbong mabilis niya bago ang  paggalaw ni Minuto.





Anim napung hakbang naman ni Minuto bago ang paggalaw ni Orasyo na tutumbas ng isang oras.



Mula noon, maayos at masayang ginagawa ng mga magkakapatid ang kanilang  mga gawain.







TUNGKOL SA MAY-ADKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**MELODY L. DELA CRUZ:** Kasalukuyang nagtuturo sa Batasan Elementary School, Arayat, Pampanga, bilang Teacher III.

**JEROME T. PANTIG:** Kasalukuyang nagtuturo sa Sebitanan National High School, Sasmuan, Pampanga, bilang Teacher II.

Sa isang munting parisukat na bahay orasan ay may tatlong magkakapatid na ubod ng sipag sa pagtatrabaho.

Ngunit dumating ang araw na nawili sa pagpapahinga at panunuod ng telebisyon ang panganay sa magkakapatid, naging tamad ito at hindi na tumutulong sa mga gawaing bahay.

Dumating ang araw na gutom na gutom na siya ngunit wala siyang makain dahil nagkasakit ang kanyang mga kapatid sa sobrang pagod.

Ano kaya ang kaniyang gagawin?

